


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 47:
Kahalagahan ng Tamang
Pananaw sa Sekswalidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 47: Kahalagahan ng Tamang Pananaw ng Sekwalidad
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jezzine F. Salar , John Rey C. Clarion
Editor:	Emelinda L. Raza, PhD, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Judith E. Ecoben, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Eljun A. Calimpusan
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 47:
Kahalagahan ng Tamang
Pananaw sa Sekswalidad**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


“Oh! Pag-ibig na makapangyarihan, kapag pumasok sa puso ninuman hahamakin ang lahat masunod ka lamang”. Ang ginamit na halimbawa ay kadalasan nang naririnig ng karamihan.

Naranasan mo na bang magkagusto o humanga sa iyong katapat na kasarian? Ano nga ba ang iyong nararamdaman kapag nakasalubong mo ang iyong crush?

Sa modyul na ito ay mapapalalim pa ang iyong kaalaman ukol sa kaugnayan ng sekswalidad, paghanga at pagmamahal.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nahihinuha na ang pagkakaroon ng tamang pananaw sa sekswalidad ay mahalaga para sa paghahanda sa susunod na yugto ng buhay ng isang nagdadalaga at nagbibinata at sa pagtupad niya ng kanyang bokasyon na magmahal. (EsP8IP-IVb-13.3)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Kailan masasabing ganap na ang sekswalidad ng isang indibidwal?
 - A. kapag naranasan na nitong masaktan dahil sa pag-ibig
 - B. kapag naranasan na niya ang tunay na kaligayahang dulot ng pag-ibig.
 - C. kapag may ganap na kamalayan sa mga responsibilidad at wagas na pag-ibig
 - D. kapag nasa hustong edad na ito at ganap na ang pisikal na kabuoan at may kakayahan nang magdalan-tao.
2. Sinasabing ang *celibacy* ay isa ring paraan sa pagtupad ng bokasyon ng tao na magmahal. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan nito?
 - A. malaya at maligaya kahit walang asawa
 - B. pag-aasawa at pagkakaroon ng matatag na pamilya
 - C. pag-aasawa at pagkakaroon ng masaganang pamilya
 - D. walang asawa ngunit patuloy na nagsisilbi sa kapwa
3. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng emosyonal at sekolohikal na pagbabagong naranasan ng mga nagbibinata at nagdadalaga?
 - A. pagkakaroon ng buwanang dalaw
 - B. pagkakaroon ng balahibo sa kili-kili
 - C. pagkakaroon ng adam's apple sa leeg
 - D. pagkakaroon ng malisya kapag hinahawakan ng iba ang katawan.
4. Si Jason ay isang *seaman*, matagal na niyang hindi nakakasama ang kanyang asawa pero ni minsan hindi siya naghanap ng iba habang malayo sa isa't isa. Anong elemento ng pagmamahal ang pinaiiral sa sitwasyon?
 - A. emosyon
 - B. kalinisang puri
 - C. kilos-loob
 - D. sekswal na pagnanasa

5. Nagdadalaga na si Lina kaya dumaranas siya ng mga pagbabago sa katawan. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pisikal at bayolohikal na pagbabago?
 - A. pagiging mahiyain sa mga lalaki
 - B. pagkakaroon ng buwanang dalaw
 - C. pagkakaroon ng crush sa paaralan
 - D. pagiging maselan sa kanyang katawan

6. Ano ang kahalagahan ng tamang pananaw sa sekswalidad ng tao?
 - A. naghihikayat ng respeto sa lahat ng kasarian at pagkakataon
 - B. ito ang bubuo sa ating pagkatao
 - C. bahagi ito pakikipagrelasyon sa kapwa
 - D. gabay sa pagkakaroon nang maayos na pakikitungo sa iba sa sekswal na paraan.

7. Alin sa sumusunod ang dapat isaisip ng kabataan upang makaiwas sa *early teenage pregnancy*?
 - A. nasa proseso pa ng pagdadalaga at pagbibinata
 - B. hilaw pa ang kamalayan sa maging responsibilidad
 - C. nagdudulot ito ng sakit na *sexually transmitted infections*
 - D. hindi pa handa ang sarili sa pinansyal at emosyonal na aspeto

8. Paano maiiwasan ang maagang pagkakaroon ng pamilya?
 - A. isaalang-alang ang kahahantungan ng kilos
 - B. pagsama sa kasintahan o katapat na kasarian
 - C. maging aktibo sa isports upang maging malusog
 - D. mag-aral ng mabuti at magsumikap na makapagtapos

9. Ano ang pinakamahalagang palatandaan ng pagmamahalan kung ibabatay sa tamang pananaw sa sekswalidad?
 - A. pagiging tapat sa kapareha
 - B. pagiging maalalahanin sa isa't isa
 - C. pagbibigay halaga sa kalayaan ng bawat isa
 - D. pagpapakasal para may basbas ang pagsasama

10. Hindi pumayag si Fe nang halikan sana siya ng kanyang nobyo. Naunawaan naman ng lalaki at sinabing nirerespito nito ang kanyang kagustuhan. Anong elemento ng pag-ibig ang nanaig sa magkarelasyon?
 - A. Emosyon
 - B. Kilos-loob
 - C. Kalinisang puri
 - D. Sekswal na pagnanasa

11. Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng hindi tunay na pag-ibig?
 - A. nakasasakit ng damdamin ng kapwa at makasarili
 - B. nakasisira sa pag-aaral, katauhan at kinabukasan ng indibidwal
 - C. nakasisira sa iyong relasyon sa kapwa tulad ng magulang at at kaibigan
 - D. nagagawang ibalanse ang oras sa pag-aaral kahit na may karelasyon

12. Bakit nakakaranas ng sekswal na pagnanasa ang isang nilalang?
 - A. dahil sa sobrang panunood ng pornograpiya
 - B. dahil hindi tama ang kanyang pananaw sa sekswalidad
 - C. dahil ito ay isang natural na kalikasan ng isang nilalang
 - D. dahil nagkakagusto ang tao sa kapwang may kaakit-akit na pisikal

13. Bakit tinatawag na *puppy love* ang pagmamahalan ng mga kabataan?
 - A. dahil hindi pa ito tunay na pag-ibig
 - B. dahil bata pa at tila laro lamang ito sa kanila
 - C. dahil hilaw pa ang kamalayan sa tunay na pag-ibig
 - D. dahil nasa proseso pa sila ng pagbibinata at pagdadalaga

Para sa bilang 14 at 15.

Si Terso ay pinatawag sa opisina ng punong-guro dahil sa panunukso sa isang lalaking kaklase na malambot kung kumilos. Pinangaralan siya dahil ang panunukso niya ay humantong sa pagkaroon ng poot at alitan sa isa't isa.

14. Ano ang masasabi mo sa panunukso ni Terso sa kanyang kaklase?
 - A. mali, dahil isa itong pambubuska
 - B. tama, para kumilos nang wasto ang isang lalaki
 - C. mali, dahil labag ito sa karapatang pansekswalidad
 - D. tama, dahil hindi normal para sa isang tunay na lalaki ang pagiging malambot ng kilos.

15. Bakit kaya tinutukso ni Terso ang binabaeng kaklase?
 - A. dahil masamang bata si Terso
 - B. marahil kulang o mali ang pananaw nito sa sekswalidad ng tao
 - C. sapagkat hindi siya napangaralan nang tama ng kanyang mga magulang
 - D. dahil wala siyang pakialam sa kapwa kahit na nakasasakit ng damdamin

Aralin

3

Tamang Pananaw sa Sekswalidad: Paghahanda sa Pagdadalaga at Pagbibinata

Upang gawing higit na katangi-tangi ang pagmamahal, at upang ito ay maging buo at ganap, kailangan ito ay magkaroon ng integrasyon.

- St. John Paul II

Ngayon, subukin sa **Balikan** ang natutunan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.




Balikan

Gawain 1: Paghambingin Mo!

Panuto: Isulat ang iba-iba at magkakaparehong katangiang pisikal o bayolohikal ng mga indibidwal na nasa *puberty stage* na tanda ng pag-unlad ng kanilang sekswalidad. Sa tulong ng *graphic organizer*, isulat ang sagot sa sagutang papel.

- A. Mga pisikal na katangian ng nagbibinta
- B. Mga pisikal na katangian ng nagdadalaga
- C. Mga pisikal na katangian ng mga napabilang sa LGBTQ+
- D. Pagkakatulad sa pisikal na katangian ng nagbibinata at nagdadalaga



RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Nilalaman	Kompleto at angkop ang laman na patunay na naintindihan ang nakaraang paksa.	Kompleto bagaman hindi limitado lamang ang sagot.	Kulang at hindi masyadong angkop ang impormasyon g isinulat sa paksang tinalakay.	Kulang at hindi angkop ang impormasyon g isinulat at kailangang pag-aralang muli ang paksa.



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Suri-Kwento!

Panuto: Suriin at basahin ang pahayag at pagnilayan sumunod na mga gabay na tanong.

Bata pa lamang sina Joseph, Andrew, Lisa at Ella ay matalik na silang magkakaibigan. Mula *Kindergarten* hanggang sa Baitang 6 ay magkaklase silang apat. Ngunit sa di inaasahan, ay napag-alaman ng tatlo na kailangang pumunta ng Cebu si Joseph upang doon na ipagpapatuloy ang kanyang sekondarya kasama ang kanyang Ina na doon nagtatrabaho at ito ay kanilang ikinalulungkot.

Makalipas ang limang taon ay umuwi ng probinsya si Joseph at nagkita-kitang mula ang magkakaibigan. Laking gulat nina Andrew, Lisa at Ella nang makita nila si Joseph na nakadamit pambabae at mahaba na ang buhok. Ibinunyag ni Joseph na hindi na siya ang “Joseph” na kaibigan nila noon, siya na ngayon si “Jessa”.

Sa halip na laitin, ay niyakap nilang tatlo si Joseph at sinabihang anuman ang kanyang magiging katauhan ay hindi ito makasisira ng kanilang pagkakaibigan.

Gabay na tanong:

1. Ano ang mensaheng iyong nahihinuha sa kwento?
2. Sa iyong palagay, ano kaya ang iniisip at nararamdaman ni Joseph sa ipinakita ng mga kaibigan?
3. Kung ikaw si Joseph na may kakaibang sekswalidad, ipagmamalaki mo ba ito sa lahat ng tao o magtatago ka dahil sa takot na mahusgahan?



Suriin

Sa mga nagdaang aralin, natatalakay ang kahulugan ng sekswalidad ng tao. Ito ang tinutukoy na kabuuang katauhan ng isang nilalang. Ito ay ordinaryong karanasan at proseso na napagdadaan ng isang indibidwal, ibig sabihin dahan-dahan hanggang sa maging ganap.

Nakakita ka na ba ng “cocoon” ng isang paruparo? Kung iyong iisipin, nakakainip at napakatagal bago ito lumabas upang maging isang ganap na paru-paru. Maari mo ba itong padaliin? Tulungan ang paru-paru na madaling makalabas sa kanyang cocoon? Oo, maari subalit hindi natin ito kailangang gawin sapagkat sa kasalukuyan ang paru-paru ay dumaraan sa isang proseso kung saan hinahanda at pinapalakas niya ang kanyang katawan upang maging buo hanggang sa dumating ang panahon na ito ay malaya ng makakalipad.

Maihalintulad natin ito sa sekswalidad ng isang tao. Sa puntong ito ng iyong buhay ay unti-unti ng umuunlad ang iyong sekswalidad. Kaakibat nito ay hindi lamang mga pisikal at bayolohikal na pagbabago sa iyong katawan kundi may emosyonal at sikolohikal na pagbabago ka rin na mararanasan. Gaya na lamang ng pagiging mahiyain o pagkakaroon ng malisya kapag nakikita o nahahawakan ang parte ng iyong katawan, pagiging masaya at di maipaliwanag na nararamdaman kapag nakikita o nakakasama ang isang nilalang, paglakas ng kabog ng dibdib at pamamawis kapag nakasalubong ang iyong *crush* at ang pamumula ng iyong mga pisngi sa tuwing ikaw ay tinutukso sa iyong katapat na kasarian.

Ang mga ito ay normal lamang na nararanasan at nararamdaman ng mga nagbibinata at nagdadalaga. Kadalasan ito ang yugto ng buhay ng mga kabataan kung saan nagsisimula ng magkagusto at umibig, subalit ang pag-ibig sa puntong ito ay tinatawag na “puppy love” pa lamang. Puppy love, ibig sabihin hindi pa ito true love, sapagkat kulang at hilaw pa ang kamalayan para matukoy ang isang tunay na pag-ibig.

Mahalaga ang pagkakaroon ng tamang pananaw sa sekswalidad upang tayo ay maging handa sa susunod na yugto ng ating buhay, lalo na sa pagtupad sa bokasyon na magmahal.


Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga tamang pananaw ukol sa sekswalidad:

- May dalawa sa maraming paraan sa pagtupad ng bokasyon ng tao upang magmahal. Una ay ang pagkakaroon ng asawa at pamilya, pangalawa ay ang *celibacy* o buhay na walang asawa subalit patuloy na nagsisilbi at nagpapamalas ng malasakit at pagmamahal sa kapwa.
- Ayon kay St. John Paul II, upang maging katangi-tangi, buo at ganap ang pagmamahal kailangan mailakip dito ang lahat ng elemento ng tunay na pag-ibig gaya ng sekswal na pagnanasa (*sex drive*), Kilos-loob (*will*), pandama at emosyon, pakikipagkaibigan at kalinisang puri. Gayundin ang pagsasaalang-alang ng kung alin sa mga ito ang dapat mauna.
- Ang sekswal na pagnanasa ay isang natural na karanasan, subalit kailangan itong mapamahalaan ng maayos upang ito ay makatulong sa ating paghahanda bilang ganap na babae, lalaki o kaya mapabilang sa LGBTQ+. May kamalayan at kalayaan ang sekswalidad ng tao, ito ay bunga ng pagpili, may tuon at nag-uugat sa pagmamahal. Kaya ibang-iba ito sa simbuyong sekswal ng hayop na isang awtomatikong kilos o *reflex*, na ginagawa nila kahit sa gitna ng kalsada.
- Ang *puppy love* ay kadalasang napagkakamalang tunay na pagmamahal, ito ay bunga ng senswalidad na pinupukaw ng pandama at damdamin. Subalit pakatandaan na ikaw ay nasa proseso pa lamang ng paghahanda para sa tunay at wagas na pagmamahal. Gayun paman ang puppy love ay maaring maging pundasyon ng tunay at wagas na pagmamahalan sa pagdating ng tamang panahon. Maaari rin itong gamiting inspirasyon upang mas mapabuti at mapaunlad ang sarili.
- Ang tunay na pagmamahal ay malaya at nagpapahalaga sa kalayaan ng minamahal. Ito ay isang kilos-loob at hindi nadidiktahan. Dapat ito ay kapwa nagpapabuti sa inyo, gaya ng inyong pag-aaral upang kayo ay maging handa sa magiging responsibilidad ninyo sa pagdating ng tamang panahon. Ang pagmamahal ay hindi perpekto at may mga pagkakataong nakagagawa ng mga maling desisyon dahil sa bugso ng damdamin na maaaring humantong sa problema. Ngunit hindi dapat ito magiging dahilan ng kabiguan, bagkos gawin itong motibasyon upang bumangon at magpatuloy.
- Ang pagmamahal ay mapagbuklod, kung mahal mo ang isang tao igagalang mo ito at ang inyong pagsasama. Tanggapin ninyo ang kahinaan ng bawat isa at handang magsama sa hirap at ginhawa.
- Sa iyong kabataan nagsisimula ang pagdidiskubre ng tunay na sekswalidad, sa ganitong yugto ay responsibilidad pa ng mga magulang na ikaw ay gabayan kaya huwag mahiyang sumangguni at matuto sa kanilang mga karanasan. Hilaw pa at hindi ganap ang iyong pagkilala sa sarili kaya kulang pa ang iyong kakayahan para mapangalagaan ang sarili.
- May mga kasunduan at mga kasulatan ang United Nation Declaration of Human Rights, na nagsasabing ang karapatang pang sekswalidad ay isang karapatang pantao. May mga batas laban sa diskriminasyon ayon sa usapin ng pagkakakilanlang sekswal (gender identity) at sa sekswal na

oryentasyon (sexual orientation). Mahalaga na igalang natin ang mga karapatang ito at huwag mang-abuso ng kapwa. Hindi lamang pansarili ang usapin ng sekswalidad. Kailangan din natin igalang ang karapatan ng iba.

Mahalagang matutunan natin ang tamang pananaw sa sekswalidad dahil ito ang magiging gabay natin upang maging karapat-dapat sa ating nakatakdang kapareha. Isang ganap na nilalang na handa sa mga responsibilidad, may moral at nagtataglay ng wagas na pagmamahal. Ang tunay na pag-ibig sa tamang panahon ang siyang mag dudulot ng kaligayahan, kaayusan at kapayapaan di lamang sa ating mga sariling tahanan kung di maging sa boung pamayanan.

Kailangan natin ang tamang pananaw sa sekswalidad sapagkat ito ay isang aspeto ng ating pagkatao na malaki ang epekto sa ating buhay. Ito rin ang humuhubog kung paano maging maayos ang ating pakikitungo sa ibang tao sa sekswal na paraan. Parte ito ng ating pakikipagrelasyon sa kapwa.



Pagyamanin

Gawain 3: Ako Ito!

Panuto: Tukuyin ang iyong mga emosyonal at sekolohikal na nararamdaman dulot ng pagbibinata at pagdadalaga, markahan ng tsek (✓) kung ito ay iyong napagdaanan, at pagkatapos ay sagutan ang mga gabay na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Naranasan mo na ba ang...	
magkakaroon ng crush o humanga sa katapat o kaya'y kaparehong kasarian?	
pagpapawisan kapag nakakasama ang taong hinahangaan?	
makadama ng labis na tuwa o saya kapag nariyan ang taong nagugustuhan?	
lumalakas ang kabog sa dibdib kapag nakikita ang crush?	
mag kagusto sa iyong kaklase o kababata?	
mag kagusto sa isang artista sa telebisyon?	
mamula ang pisngi kapag tinutukso sa katapat na kasarian?	
Mag-init o may kakaibang nararamdaman pag nakakakita ng mga taong sexy o hubad sa larawan?	
makadama ng kakaibang boltahe sa katawan kapag hinahawakan?	
mainggit o magselos kapag may kasamang iba ang napupusuan?	

1. Ilan sa mga nasa talaan ang iyong napagdaan?
2. Bakit mo kaya ito nararanasan? Pangatwiranan.
3. Sino sa palagay mo ang maaari mong hingan ng payo tungkol sa paksang sekswalidad? Bakit?

Rubriks Sa Pagsagot Ng Mga Tanong

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng mga sagot	Nasagutan nang tama ang lahat ng tanong at kinapapalooban ng makabuluhang impormasyon.	Nasagutan nang tama ang iilang tanong at kinapapalooban ng iilang makabuluhang impormasyon.	May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.

Gawain 4: Unawain ang Liham

Panuto: Basahin at unawain ang liham. Sagutin ang mga gabay na tanong at isulat sa sagutang papel.

Mahal kong Maria,

Gusto kong malaman mo kung gaano mo ako napapasaya sa tuwing ikaw ay aking nakikita. Ikaw ay nagdudulot ng kakaibang enerhiya na nagpapasigasig sa akin sa araw-araw. Gusto ko ang iyong pagiging simple at masayahin. Nais kitang lubosan pang makilala dahil nakikita ko sa iyo ang gusto kong makasama sa habambuhay.

Sa ngayon gusto kong pag-igihin ang aking pag-aaral upang matugunan ko ang aking mga responsibilidad sa iyo at sa ating magiging pamilya balang araw. Maghihintay ako hanggang sa dumating ang araw na iyong mapagtagumpayan ang iyong mga hangarin sa buhay, at handa ka ng ipagkaloob sa akin ang iyong pagmamahal. Nais kitang mapabuti sa lahat ng bagay at sa lahat ng panahon. Hihintayin kita hanggang sa takdang panahon.

Nagmamahal,

Mario

Mga Tanong:


1. Ano-anong mga elemento ng pagmamahal ang tinataglay ng pag-ibig ni Mario?
2. Gaano ba ka halaga ang paghihintay nito ng takdang panahon?
3. Sa iyong palagay, ano kayang ang naging saloobin ni Maria sa sulat na natanggap?
4. Masasabi mo bang si Mario ay nagpapamalas ng tamang sekswalidad na pananaw? Paano?

Rubriks Sa Pagsagot Ng Mga Tanong

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng mga sagot	Nasagutan nang tama ang lahat ng tanong at kinapapalooban ng makabuluhang impormasyon.	Nasagutan nang tama ang iilang tanong at kinapapalooban ng iilang makabuluhang impormasyon.	May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.

Gawain 5: 4 Pics 1Word

Panuto: Hulaan ang salitang ibig ipakahulugan ng mga larawan, pagkatapos ay ipaliwanag ang ibig sabihin ng salitang nahulaan, ipaliwanag kung ano ang kaugnayan nito sa sariling pananaw tungkol sa sekswalidad. Sa tulong ng talahanayan isulat ang sagot sa sagutang papel.



Larawan	Kahulugan	Kaugnayan sa Pananaw sa Sekswalidad
1.		
2.		

Rubriks Sa Pagsagot Ng Mga Tanong

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng mga sagot	Naipapahayag ng mabuti ang sariling ideya hinggil sa paksa.	Hindi gaanong klaro ang ideyang nais ipahayag hinggil sa paksa.	May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.



Isaisip


Gawain 6: Mangatwiran Ka!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumunod na pahayag. Ipaliwanag ang mensahe ayon sa paksang pinag-aralan sa modyul.

“Hindi dapat laging nagmamadali. Lahat ay may tamang panahon. Tandaan: Ang mga bagay na madaling makuha ay mga bagay na madali ring mawala”

RUBRIKS SA PAGLALAHAD NG OPINYON

Pamantayan	Napakahusay (20 puntos)	Mahusay (15 puntos)	Katamtaman (10 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (5 puntos)
Nilalaman	Malinaw na naiuugnay sa paksa ang pagpapaliwanag sa mensahe ng pahayag. Angkop at mahalaga ang mga impormasyong ibinigay.	Malinaw na naipapaliwanag ang mensahe ng pahayag bagaman hindi gaanong naiuugnay sa paksa. Nakapagbibigay ng iilang mahalagang impormasyon.	Hindi masyadong malinaw na naipapaliwanag ang mensahe at pag-uugnay nito sa paksa. Nakapagbibigay ng kaunting mahalagang impormasyon.	Hindi malinaw na nailalahad ang mensahe at hindi ito naiuugnay sa paksa.



Isagawa

Gawain 7: Magtanong at Magbahagi!

Panuto: Magsagawa ng pagsisiyasat tungkol sa pananaw ng kabataan sa sekswalidad. Gawing gabay ang sumusunod na pahayag at talahanayan. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Magsagawa ng isang pagsisiyasat. Humanap ng 5 kaklase na kasing edad mo na maaaring pagkukunan mo ng mga datos ukol sa kanilang pananaw sa sekswalidad. Isulat ang kanilang mga opinyon at sumulat ng sariling repleksyon matapos makalap ang kanilang mga opinyon.
2. Base sa tinalakay tungkol sa pananaw sa sekswalidad, ihinuha kung naaayon ba sa tamang pananaw ng sekswalidad ang kanilang mga opinyon.
3. Ibahagi sa kanila ang mga halimbawa ng tamang pananaw sa sekswalidad ng tao na iyong natutunan at suriin kung sang-ayon ba sila sa mga ito. Isulat ang iyong konklusyon sa mga na likom na datos sa ginawang pagsisiyasat at sagutin ang gabay na tanong.

Respondent	Mga pagkakaintindi at pananaw nila ukol sa sekswalidad ng tao	Naayon ba ang kanilang mga opinion sa mga halimbawa ng tamang papanaw sa sekswalidad (Oo / Hindi)	Sumasang-ayon ba sila sa mga halimbawa ng tamang papanaw sa sekswalidad (Oo / Hindi)
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

Gabay sa Pagbuo ng Konklusyon:

1. Ilan sa mga nasiyasat ang may tamang pananaw sa sekswalidad ng tao base sa paksang tinalakay?
2. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tamang pananaw sa sekswalidad ng tao?
3. Anu-ano ang magiging implikasyon nito sa mga kabataan sa darating na panahon kung salat sila sa kaalaman ng tamang pananaw sa sekswalidad?

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamanta- yan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Nilalaman	Kompleto at angkop ang mga impormasyong isinulat. Nasagutan nang tama ang lahat ng tanong at kinapapalooban ng makabuluhang impormasyon.	Kompleto bagaman hindi masyadong angkop ang mga impormasyong isinulat. Nasagutan nang tama ang iilang tanong at kinapapalooban ng iilang makabuluhang impormasyon.	Kulang at hindi masyadong angkop ang mga impormasyong isinulat. May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.	Kulang at hindi angkop ang mga impormasyong isinulat. Hindi nasagutan ang mga tanong.



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng hindi tunay na pag-ibig?
 - A. nakasasakit ng damdamin ng kapwa at makasarili
 - B. nakakasira sa pag-aaral, katauhan at kinabukasan ng indibidwal
 - C. nakasisira sa iyong relasyon sa kapwa tulad ng magulang at kaibigan
 - D. nagagawang ibalanse ang oras sap ag-aaral kahit na may karelasyon
2. Bakit nakakaranas ng sekswal na pagnanasa ang isang nilalang?
 - A. dahil sa sobrang panunood ng pornograpiya
 - B. dahil hindi tama ang kanyang pananaw sa sekswalidad
 - C. dahil ito ay isang natural na kalikasan ng isang nilalang
 - D. dahil nagkakagusto ang tao sa kapwang may kaakit-akit na pisikal.
3. Bakit tinatawag na *puppy love* ang pagmamahalan ng mga kabataan?
 - A. dahil hindi pa ito tunay na pag-ibig
 - B. dahil bata pa at tila laro lamang ito sa kanila
 - C. dahil hilaw pa ang kamalayan sa tunay na pag-ibig
 - D. dahil nasa proseso pa sila ng pagbibinata at pagdadalaga

Para sa bilang 4 at 5.

Si Terso ay pinatawag sa opisina ng punong-guro dahil sa panunukso sa isang lalaking kaklase na malambot kung kumilos. Pinangaralan siya dahil ang panunukso niya ay humantong sa pagkaroon ng poot at alitan sa isa't sa.

4. Ano ang masasabi mo sa panunukso ni Terso sa kaklasing binabae?
 - A. mali, dahil isa itong pambubuska
 - B. tama, para kumilos nang wasto ang isang lalaki
 - C. mali, dahil labag ito sa karapatang pansekswalidad
 - D. tama, dahil hindi normal para sa isang tunay na lalaki ang pagiging malambot ng kilos.

5. Bakit kaya tinutukso ni Terso ang binabaeng kaklase?
 - A. dahil masamang bata si Terso
 - B. marahil kulang o mali ang pananaw nito sa sekswalidad ng tao
 - C. sapagkat hindi siya napangaralan nang tama ng kanyang mga magulang
 - D. dahil wala siyang pakialam sa kapwa kahit na nakasasakit ng damdamin

6. Kailan masasabing ganap na ang sekswalidad ng isang nilalang?
 - A. kapag naranasan na nitong masaktan dahil sa pag-ibig
 - B. kapag naranasan na niya ang tunay na kaligayahang dulot ng pag-ibig.
 - C. kapag may ganap na kamalayan sa mga responsibilidad at wagas na pag-ibig
 - D. kapag nasa hustong edad na ito at ganap na ang pisikal na kabuoan at may kakayahan ng magdalan-tao.

7. Sinasabing ang *celibacy* ay isa ring paraan sa pagtupad ng bokasyon sa tao na magmahal. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan nito?
 - A. malaya at maligaya kahit walang asawa
 - B. pag-aasawa at pagkakaroon ng matatag na pamilya
 - C. pag-aasawa at pagkakaroon ng masagang pamilya
 - D. walang asawa ngunit patuloy na nagsisilbi sa kapwa

8. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng emosyonal at sekolohikal na pagbabagong naranasan ng mga nagbibinata at nagdadalaga?
 - A. pagkakaroon ng buwanang dalaw
 - B. pagkakaroon ng balahibo sa kili-kili
 - C. pagkakaroon ng adam's apple sa leeg
 - D. pagkakaroon ng malisya kapag hinahawakan ng iba ang katawan.

9. Si Jason ay isang *seaman*, matagal na niyang hindi nakakasama ang kanyang asawa pero ni minsan hindi siya naghanap ng iba habang malayo sa isa't isa. Anong elemento ng pagmamahal ang pinaiiral sa sitwasyon?
 - A. emosyon
 - B. kalinisang puri
 - C. kilos-loob
 - D. sekswal na pagnanasa

10. Nagdadalaga na si Lina kaya dumaranas siya ng mga pagbabago sa katawan. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pisikal at bayolohikal na pagbabago?
- A. pagiging mahiyain sa mga lalaki
 - B. pagkakaroon ng buwanang dalaw
 - C. pagkakaroon ng crush sa paaralan
 - D. pagiging maselan sa kanyang katawan
11. Ano ang kahalagahan ng tamang pananaw sa sekwalidad ng tao?
- A. naghihikayat ng respeto sa lahat ng kasarian at pagkakataon
 - B. ito ang bubuo sa ating pagkatao
 - C. bahagi ito pakikipagrelasyon sa kapwa
 - D. gabay sa pagkakaroon nang maayos pakikitungo sa iba sa sekswal na paraan.
12. Alin sa sumusunod ang dapat isaisip ng kabataan upang makaiwas sa *early teenage pregnancy*?
- A. nasa proseso pa ng pagdadalaga at pagbibinata
 - B. hilaw pa ang kamalayan sa maging responsibilidad
 - C. nagdudulot ito ng sakit gay ng *sexually transmitted infections*
 - D. hindi pa handa ang sarili sa pinansyal at emosyonal na aspeto
13. Paano mas maiiwasan ang pagkasangkot sa pre-marital sex?
- A. isaalang-alang ang kahahantungan ng kilos
 - B. pagsama sa kasintahan o katapat na kasarian
 - C. maging aktibo sa isports upang maging malusog
 - D. mag-aral ng mabuti at magsumikap na makapagtapos
14. Ano ang pinakamahalagang palatandaan ng pagmamahalan kung ibabatay sa tamang pananaw sa sekswalidad?
- A. pagiging tapat sa kapareha
 - B. pagiging maalalahanin sa isa't isa
 - C. pagbibigay halaga sa kalayaan ng bawat isa
 - D. pagpapakasal para may basbas ang pagsasama
15. Hindi pumayag si Fe nang halikan sana siya ng kanyang nobyo. Naunawaan naman ng lalaki at sinabing nirerespito nito ang kanyang kagustuhan. Anong elemento ng pag-ibig ang nanaig sa magkarelasyon?
- A. Emosyon
 - B. Kilos-loob
 - C. Kalinisang puri
 - D. Sekswal na pagnanasa



Karagdagang Gawain

Gawain 8: EXIT PASS

Panuto: Punan ang EXIT PASS sa pamamagitan ng pagbibigay ng balangkas sa iyong mga natutunan sa paksang tinalakay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pangalan:	Baitang at Seksyon:
EXIT PASS	
Ang natutunan ko sa araw na ito ay:	

LAGDA	

Sundin ang pamantayan sa pagsulat:

10	5	1
Buo ang diwa ng pagbibigay hinuha at kompleto ang detalye tungkol sa paksang tinalakay.	Hindi kompleto ang detalyeng naibigay tungkol sa paksang tinalakay.	Hindi angkop ang mga sagot at malayo ang ideya sa paksang tinalakay.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Tayahin	Karagdagang Gawain
1. C	1. B	Gawain 8
2. D	2. C	1. kasal
3. D	3. C	2. celibacy
4. B	4. C	3. kilos-loob
5. B	5. B	4. sekswalidad
6. D	6. C	5. puppy love
7. B	7. D	
8. A	8. D	
9. D	9. B	
10. B	10. B	
11. B	11. D	
12. C	12. B	
13. C	13. A	
14. C	14. D	
15. B	15. B	

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko

Robles, Patricia Diane. *innerself.com*. January 1, 1997.

<http://tl.innerself.com/content/personal/relationships/couples/sexuality/5132-make-peace-with-your-sexuality.html> (accessed May 22, 2020).

Abrams, Mere. *healthline.com*. December 10, 2019.

<https://www.healthline.com/health/different-types-of-sexuality> (accessed May 22, 2020).

Molina, Ludwin. *California State University, Northridge*. 1999.

<http://www.csun.edu/~vcpsy00h/students/sexual.htm> (accessed May 22, 2020).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph